



lalawigan ng san diego



Pananim na BMP

Mga Biofiltration BMP na may Hydromodification Management Plan (HMP)


Ang mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala (BMP) na Pang-istruktura ng Stormwater ay inilagay sa ilang propyedad sa buong Lalawigan upang makatulong na **maiwasan ang mga pollutant** tulad ng basura, pataba, pestisidyo, at sediment na makarating sa mga storm drain at sa huli, sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang inyong propyedad ay isa sa daan-daan sa buong Lalawigan na may hindi bababa sa isang BMP.

Pinapanatiling Malinis ng mga BMP ang Ating mga Daanan ng Tubig

Ang inyong mga BMP ay dinisenyo upang mag-alis ng mga pollutant mula sa agos ng stormwater na nabuo sa inyong propyedad, sa pinakamalawak na hangganan na kaya nitong gawin. Bilang isang may-ari ng isa sa mga propyedad na ito, hinihingi ng mga regulasyon ng Lalawigan na **magsagawa ng regular na inspeksyon at mga gawaing pagmementena** upang matiyak na ang gumagana nang maayos ang inyong mga BMP.



Ipinapakita ng aming mga rekord na mayroon kayong hindi bababa sa isang BMP na HMP basin sa inyong propyedad. Upang tulungan kayong magmentena ng BMP na ito, ibinibigay ng **Programang Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ang flyer na ito ng impormasyon upang masagot ang mga tanong na maaaring mayroon kayo tungkol sa mga BMP at kung paano mantenhin ang mga ito.



Paano Gumagana ang Inyong BMP na HMP Basin


Ang mga BMP na HMP basin ay nangangalaga sa ating mga sapa, ilog, at karagatan sa pamamagitan ng pagtatago at pagsala ng agos ng stormwater sa mga basin. Pagkatapos mapunta ng mga pollutant sa ilalim, pinapalabas ng basin outlet ang nasalang stormwater sa kontroladong bilis sa pamamagitan ng flow control (o "low-flow") orifice (tingnan ang larawan 2).



LARAWAN 2 **Detalye ng Flow Control Orifice Cap**

TANAW SA HARAP

TANAW SA GILID



Ang low-flow orifice (butas na labasan ng mahinang daloy), na nasa takip ng underdrain, ang nababawasan sa stormwater sa kontroladong dami, kung kaya't napapababa ang erosyon sa ibabang agos (downstream).



Sinusukat na Orifice

Hanapin at Mantenahin ang Inyong BMP



Ang mga HMP basin ay kadalasang nasa mababang lugar kung saan naiipon ang stormwater. Ito ay kadalasang tuyo, maliban sa mga panahon ng malakas na pag-ulan. Dahil ang mga BMP na HMP basin ay nakakaalis ng mga pollutant sa stormwater at nakakapagpawi sa erosyon sa ibabang agos, mahalagang inspeksyunin at mantenahin ito. **Nasa ibaba ang ilang mga gawain para sa pagmementena na dapat gawin:**

- Suriin kung may erosyon sa ibabang agos. Kung may erosyon, ikabit ang tamang takip kada plano.
- Tiyakin na may low-flow orifice ang endcap ng tubo. Kung walang orifice, butasin ito batay sa mga plano.
- Alisin ang anumang kalat o debris na naiipon sa basin. Alisin ang mga humaharang sa mga inlet, outlet at low-flow orifice.
- Tabasin ang mga matataas na halaman bago magsimula ang tag-ulan (Oktubre 1 hanggang Abril 30).
- Palitan ang mga pantakip na may pananim o mulch na inanod na o sira na.
- Punan ang mga butas kung saan maaaring tumagal ang tubig nang mas matagal sa 96 na oras (upang maiwasan na pamahayan ng lamok).

Para sa listahan ng iba pang mga gawain, tignan ang form na patunay ng pagmementena o plano ng pagmementena mula sa developer ng inyong bahay.

Ano ang Kailangan kong Gawin?

Bawat taon, isang kinatawan ng Lalawigan ang kokontak sa iyo upang mag-inspeksyon ng inyong (mga) BMP sa site. Ang hindi paggawa ng kinakailangang pagmementena ng inyong BMP ay maaring magdulot ng pagpapatupad na imbestigasyon o kasunod na inspeksyon ng kinatawan ng Lalawigan.

Para sa mga Tanong, Kontakin Kami sa: Programang Pangangalaga sa Watershed

Telepono 1-858-495-5323

Email BMP.Program@sdcounty.ca.gov

Bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater



Takip ng Underdrain na may Orifice

salamat sa paggawa ng inyong bahagi para

pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig

